



PARA SA: Lahat ng mga May-Pagawa o Employer sa Alameda County

MULA KAY: Nicholas J. Moss, MD, MPH, Pansamantalang Opisyal ng Kalusugan

PAKSA: Negatibong resulta ng COVID-19 test HINDI takdang kailanganin para makabalik sa trabaho

Tungkulin ng Kagawaran ng Kalusugang Pampubliko ng Alameda County (Alameda County Public Health Department - ACPHD) na pangalagaan ang kalusugan at kaligtasan ng lahat ng mga taong nakatira o nagtatrabaho sa Alameda County. Nagpapasalamat kami sa inyong pagsunod sa mga patakarang pangkaligtasan sa mga lugar ng trabaho na itinakda ng Estado at lokal na pamahalaan, kabilang na ang mga tuntunin hinggil sa paggamit ng mga proteksyon sa mukha, pagpapanatili ng distansya o layong 6 na piye (6 ft.) sa isat-isa, palagiang pagsusuri ng mga sintomas, at pagtulong sa mga empleyadong nagkakasakit para manatili sila sa kanilang mga tahanan.

Laganap ang COVID-19 sa ating komunidad at maaaring mayroon kayong mga empleyadong nahawaan ng virus na ito. Alinsunod sa Kautusan ng Opisyal ng Kalusugan, dapat manatili sa bahay at nakahiwalay sa ibang tao ang sinumang may COVID-19 sa loob ng hindi kukulangin sa 10 araw. Sa ika-11 araw, kung wala na silang lagnat at bumuti na ang kanilang kalagayang pangkalusugan ay maaari na silang bumalik sa trabaho at mamuhay nang hindi na nakahiwalay sa iba. **Mariing inirerekomenda ng ACPHD sa mga may-pagawa/employer na payagan ang mga taong nagka-COVID-19 na bumalik sa trabaho pagkalipas ng 10 araw mula nang magsimula ang kanilang mga sintomas (o mula sa araw na nag-positibo sila kung hindi sila nakaranas ng anumang sintomas).**

Ang sinumang nagkaroon ng malapitang pakikihalubilo o interksyon sa taong may COVID-19 ay dapat na mag-quarantine sa kanilang bahay sa loob ng hindi kukulangin sa 14 na araw. Sa ika-15 araw, kung hindi sila nakaranas ng anumang sintomas, maaari na nilang itigil ang pagka-quarantine at bumalik sa trabaho. **Ipinapayo naming huwag gawing takdang kailanganin o requirement ang negatibong resulta ng test o pagpapasuri upang payagang makabalik sa trabaho ang sinumang nakatapos na ng pagka-quarantine.**

Ang mga rekomensiyong ito ay pamantayan ng kalusugang pampublikong nakabatay sa mga siyentipikong pag-aaral at patnubay mula sa Kagawaran ng Kalusugang Pampubliko ng California (California Department of Public Health - CDPH) at ahensyang pederal na Sentro ng Pamamahala at Pagsugpo sa mga Sakit (Centers for Disease Control and Prevention - CDC). Hindi na kailangan ang muling pagpapasuri o test ng mga taong dati nang nagpositibo – hindi ito masyadong mahalaga; malinaw ang ebidensya na karamihan sa mga taong nagkakasakit ay hindi na nakakahawa pagkalipas ng 10 araw.

Ang pagkakaroon ng clearance na nagpapakita ng negatibong resulta ng pagpapasuri o test ay hindi mabisang paraan para malaman kung nakakahawa ang isang tao dahil ang napakasensitibong mga pagsusuring ito ay maaaring makatutop ng mga patay na butil ng virus kahit na ilang linggo nang hindi na nakakahawa ang isang tao. Ang mga test para makakuha ng clearance ay pabigat din sa imprastruktura ng pangangalagang pangkalusugang mas kinakailangan ng mga taong hindi pa nakakapagpasuri o nasa mas mapanganib na kalagayan. **Hindi nagbibigay ng mga sulat ng clearance ang ACPHD para makabalik sa trabaho ang mga tao, at hindi rin inirerekomenda ang paghingi ng sulat mula sa mga doktor o tagapagbigay ng pangangalagang medikal.**

Salamat sa inyong pakikipagtulungan at mahalaga ninyong papel sa pagpapanatili ng kaligtasan ng ating komunidad.

Mga sanggunian para sa karagdagang impormasyon:

- CDPH - <https://www.cdph.ca.gov/Programs/CID/DCDC/Pages/COVID-19/Updated-COVID-19-Testing-Guidance.aspx>
- CDC: <https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/hcp/disposition-in-home-patients.html>
- ACPHD: <http://www.acphd.org/media/568880/acphd-covid-19-release-from-iso-or-quar-and-return-to-work-criteria-english.pdf>